Pangalan: Jairiel Francisco
Paksa ng Khutbah: “Ang Kalinisan”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid at magulang sa pananampalatayang Islam, nais ba nating humarap sa ibang tao na may madungis at may hindi kaaya-ayang itsura, may mabahong amoy, at hindi maayos na kasuotan? Tiyak na hindi! Sa tuwing humaharap tayo sa ibang tao, nais nating maganda at maayos ang ating sarili sa kanilang paningin upang sila ay mapahanga. Ngunit kapag tayo ay nagdarasal at humaharap sa ating Tagapaglikha, kung anu-ano na lamang ang ating isinusuot at ginagamit, basta makapag-Salah lamang. Hindi natin nabibigyan ng sapat na halaga ang ating itsura sa harapan ni Allah, habang mas binibigyang-pansin natin ang paningin ng ibang tao. Katotohanan, minamahal ni Allah ang mga nagsisisi at ang mga naglilinis ng kanilang sarili. Pagpalain nawa at bigyan ng kapayapaan si Propeta Muhammad, ang kanyang pamilya, at ang mga matuwid na alipin ni Allah.

O mga mananampalataya! Ang bawat Muslim ay dapat panatilihin ang kanyang kalinisan sapagkat ito ang bumubo sa ating pananampalataya. Sinabi ng Sugo ni Allah (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"الطُّهُورُ شَطْرُ الإيمانِ." رواه مسلم

*“Ang kalinisan ay kalahati ng pananampalataya.”* (Inulat ni Muslim)

Kaya't ang pagdarasal nang walang kalinisan ay hindi katanggap-tanggap. Ang kalinisan ay isang pangunahing aspeto ng pananampalataya ng isang Muslim. Ito ay hindi lamang nangangahulugan ng pisikal na kalinisan kundi pati na rin ng espirituwal na pagdadalisay. Ang pagdarasal, na isang sagradong gawain, ay kinakailangang gawin sa kalagayang malinis, sapagkat ito ay direktang pakikipag-usap sa ating Tagapaglikha. Kaya't itinatag ni Allah ang mahigpit na pangangailangan ng Wudhu (ablution) bago magsagawa ng Salah (pagdarasal). Ang kawalan ng kalinisan ay nagiging hadlang sa pagkakamit ng kasagraduhan ng pagdarasal, na isa sa mga haligi ng Islam. Bukod dito, ang kalinisan ay nangangahulugan din ng pagiging malinis sa katawan, pananamit, at kapaligiran.

Sa Islam, ang kalinisan ay hindi lamang panlabas kundi pati na rin panloob. Ang mga mananampalataya ay hinihikayat na alisin ang anumang uri ng dumi o Najis mula sa kanilang sarili upang manatiling kaaya-aya sa Paningin ni Allah. Ang limang beses na pagsasagawa ng Wudhu araw-araw ay hindi lamang isang obligasyon, kundi ito rin ay paraan upang mapanatili ang disiplina sa kalinisan. Bukod dito, hinihikayat ang mga Muslim na magsuot ng pinakamalinis at pinakamahusay nilang kasuotan, lalung-lalo na sa panahon ng pagsamba. Sinabi ni Allah:

﴿ يَٰبَنِيٓ ءَادَمَ خُذُواْ زِينَتَكُمۡ عِندَ كُلِّ مَسۡجِدٖ ﴾ الأعراف: 31

***“O mga anak ni Adan, dalhin ninyo ang inyong palamuti (sa pamamagitan ng pagsusuot ng malilinis na damit) sa bawat Masjid (sa pagsasagawa ng Salah)."*** (Al-A’raf 7:31)

Ang talatang ito ay nagbibigay ng malinaw na patnubay sa kahalagahan ng kalinisan at kaayusan sa pananamit sa tuwing humaharap tayo kay Allah. Ang utos na ito ay sumasalamin din sa kagustuhan ni Allah na tayo ay manatili sa kalinisan at kagandahan hindi lamang sa ating sarili kundi pati na rin sa ating mga tirahan at lugar ng pagsamba. Ang Masjid, bilang tahanan ni Allah sa lupa, ay nararapat panatilihing malinis at sagrado. Sa parehong paraan, ang ating mga tahanan ay nararapat ding maging lugar ng kalinisan at kagandahan.

Higit pa rito, ang kalinisan ay hindi lamang panlabas. Ang Islam ay nagtatagubilin na linisin din ang ating mga puso mula sa masasamang ugali tulad ng galit, inggit, paninibugho, at pagiging maramot. Ang mga espirituwal na dumi ay nakapipinsala sa relasyon ng tao sa kanyang kapwa at kay Allah. Kaya’t ang tunay

na kalinisan ay nakasalalay hindi lamang sa ating pisikal na anyo kundi sa ating ugali at asal. Sinabi ni Allah:

﴿ فِيهِ رِجَالٌ يُحِبُّونَ أَن يَتَطَهَّرُوا ۚ وَاللَّهُ يُحِبُّ الْمُطَّهِّرِينَ ﴾ التوبة: 108

***"Sa kanila ay may mga lalaking mahilig maglinis, at mahal ni Allah ang mga nagpapadalisay ng kanilang sarili."*** (At-Tawbah 9:108)

Ang ganitong uri ng kalinisan ay isang tanda ng matibay na pananampalataya at tunay na pagsuko sa kagustuhan ni Allah. Sa ganitong paraan, ang bawat kilos ng kalinisan—mula sa Wudhu hanggang sa pag-aalis ng galit sa puso—ay nagiging pagsamba na nagdadala sa isang Muslim tungo sa Kaluguran ni Allah. Ang kalinisan sa Islam ay hindi lamang isang katuruan o simpleng patakaran; ito ay isang kautusan at paraan ng pamumuhay na naglalapit sa isang mananampalataya sa kanyang Tagapaglikha at ginagabayan siya tungo sa kanyang huling hantungan—ang Paraiso.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Sinabi ni Allah:

﴿ وَإِذْ قَالَتِ الْمَلَائِكَةُ يَا مَرْيَمُ إِنَّ اللَّهَ اصْطَفَاكِ وَطَهَّرَكِ وَاصْطَفَاكِ عَلَىٰ نِسَاءِ الْعَالَمِينَ ﴾
آل عمران: 42

***"At alalahanin nang sabihin ng mga anghel: 'O Maryam, katotohanang pinili ka ni Allah, nilinis ka at pinili ka higit sa lahat ng kababaihan sa Mundo.'"***
(Alo 'Imran 3:42)

Ang talatang ito ay nagpapaalala sa atin sa kahalagahan ng kalinisan, hindi lamang pisikal kundi pati na rin espirituwal. Si Maryam (Maria) ay pinarangalan hindi lamang dahil sa kanyang kabanalan kundi dahil din sa kanyang kadalisayan ng puso at ugali. Siya ay naging huwaran para sa lahat ng kababaihan, ipinakita niya kung paano ang pagiging dalisay ay nagdudulot ng biyaya at kaluguran mula kay Allah. Ito ay malinaw na nagpapakita na ang sinumang nais makamtan ang pagmamahal ni Allah ay dapat magpunyagi sa pagpapanatili ng kanyang kalinisan—sa katawan, puso, at isip. Sinabi ni Allah:

﴿ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّـٰلِحَـٰتِ سَنُدْخِلُهُمْ جَنَّـٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَـٰرُ خَـٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ لَّهُمْ فِيهَآ أَزْوَٰجٌ مُّطَهَّرَةٌ ۖ وَنُدْخِلُهُمْ ظِلًّا ظَلِيلًا ﴾ النساء: 57

***"At yaong mga naniniwala at gumagawa ng mabubuting gawa, sila ay Aming papapasukin sa mga Hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na dumadaloy. Mananatili sila rito magpakailanman. Sila ay magkakaroon ng malilinis na asawa at sila ay Aming papapasukin sa makapal na lilim."*** (An-Nisa 4:57)

Ang gantimpalang ito ay isang pangako mula kay Allah para sa mga nagdadalisay sa kanilang sarili at gumagawa ng mga mabubuting gawain. Ang kalinisan, sa lahat ng anyo nito, ay isang mahalagang bahagi ng paggawa ng mabubuting gawa. Ito ay sumasalamin sa isang pusong dalisay, na walang bahid ng galit, inggit, at iba pang masamang pag-uugali. Ang pagiging malinis sa Paningin ni Allah ay nangangahulugang pag-iwas sa anumang makapagpaparumi sa ating pisikal na anyo at espirituwal na kalagayan.

Ang pangakong ito ng Paraiso—mga Hardin na sa ilalim ay dumadaloy ang mga ilog, malilinis na asawa, at kapayapaan sa ilalim ng lilim—ay nagbibigay inspirasyon sa bawat Muslim na sikapin ang kadalisayan sa kanyang pamumuhay. Hindi lamang ito tungkol sa pagsunod sa kautusan kundi sa pagkakaroon ng tunay na pananampalataya at pagnanais na mapalapit kay Allah.

Nawa'y gawing dalisay ni Allah ang ating mga puso, isipan, at gawa. Hinihiling natin sa Kanya na gabayan tayo sa pagsunod sa Kanyang mga Kautusan. Ang kalinisan ay isang daan patungo sa Pagmamahal at Kaluguran ni Allah, at ito rin ang landas patungo sa kaligayahan at kaluwalhatian sa kabilang-buhay.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***